# EGAY 4 Trees pagkakakitaang proyekto ng mag-uuling

Inilunsad kamakailan ang isang proyekto kung saan ang mga mamamayan na pag-uuling ang pangunahing hanapbuhay ay gagawing katuwang ng pamahalaang panlalawigan upang lubusang mabago ang kanilang pananaw sa usaping pangkapaligiran.

Ang *Eco-Governance and Assured Yield for the Total Rehabilitation of the Environment and Ecological Sustainability* o pinaigsi sa tawag na ***EGAY 4 Trees Project (E4TP)*** ay inilunsad sa pamamagitan ng isang *Covenant Signing* noong Abril 22, 2014 na simbolo ng pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan sa *2014 Earth Day Celebration.*

Ang kasunduan ay nilagdaan ni Gob. Edgardo A. Tallado at mga kaukulang opisyal ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang pambayan at *Department of Environment and Natural Resources* (DENR), may-ari ng mga minahan, *non-government organizations (NGOs)*, mga kinatawan ng *local water districts* sa mga bayan ng Jose Panganiban at Paracale, at mga benepisyaryo mula sa Brgy. Guisican, Labo kasama ang kanilang punong barangay na si PB Danilo Bequio.

Isa sa mahahalagang gawain ng *E4TP* ang *Community Organizing and Community Development*. Sisimulan ito sa Brgy. Guisican, Labo na dito ay 15 benepisyaryo ang makikinabang na bawat isa ay inatasang magpatubo ng 7,000

(Sundan sa pahina 2)




*PLANT FOR PLANET EARTH - Lumalagda si Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng Provincial Environment & Natural Resources Office ng pamahalaang panlalawigan sa isang kasunduan para sa proteksyon ng kalikasan na isusulong ng kanilang tanggapan sa ilalim ng Egay for Trees project.*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"

## Nasa Loob

1.5 milyong hektaryang lupain patataniman ng DENR p2
Rep ng religious sector magbibigay payo sa usaping kapaligiran p2
Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP) - Pamantayan sa Pagpili sa mga Persons with Disability p3
Pagiging iskolar ng kapitolyo, bukas na sa mga PWD p3
49th IB magtuturo sa kabataan sa kahandaan sa panganib p3
BAWAT CAMNORTEÑO: INSTRUMENTO SA PAGBANGON AT PAGBABAGO! p4
Mga Piling larawan p5
UPLB Student kinoronahang Bb. Camarines Norte p6
Let's football, paanyaya sa Bantayog fest p6
3rd GOVERNORS' CUP FUN SHOOTING p6
Solid Waste Management Plan babalangkasin p7
Zigzag road sa Bitukang manok challenging sa mga long-board skaters p7
Tulong sa mga magsasaka, tuloy-tuloy mula sa pamahalaan p7

# Bantayog Fest kicks-off with Sen. JV



Napakahabang *Civic & Military Parade* ang nasaksihan sa bayan ng Daet noong ika–15 ng Abril sa pagdiriwang ng Bantayog *Festival 2014* at ika-94 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Probinsya ng Camarines Norte na nakatuon sa temang, "Bawat Camnorteño: Instrumento sa Pagbangon at Pagbabago".

Pinangunahan ni Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel ang parada kasama ang panauhing pandangal na si Senator JV Ejercito.

Nagbigay ng pakikiisa sa pagdiriwang si Sen. Ejercito at suporta sa administrasyon ni Gob. Tal-

(Sundan sa pahina 6)

# Tanging 2 magtatapos na Cum Laude ng CNSC, iskolar ng kapitolyo


Sina Julie Ann B. Andaya at Nova Joy A. Ellozo ay natatanging dalawang nagtatapos ngayong *School Year 2013-2014* mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)* na may karangalang *Cum Laude* at sila ay kapwa iskolar ng *Provincial Government of Camarines Norte (PGCN).*

Sa mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado sa isinagawang kauna-unahang *RECOGNITION & AWARDING RITES for GRADUATING CNPGCEAP GRANTEES* noong Abril 10, 2014, ipinahayag niya na ikinatuwa at ikinararangal niya sina Andaya at Ellozo. Ipinagmalaki rin niya na may 250 pang *scholars* ang nagtapos/magtatapos ngayong taon sa ilalim ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP).*

Binigyang-diin niya ang pagiging *Cum Laude* nina Andaya at Ellozo na sinabi pa niyang pwede ring sumali sa Miss Camarines Norte sapagkat bukod sa matatalino na ay magaganda pa.

Sinabitan ni Gob. Tallado ng medalya si Julie Andaya bilang *Most Outstanding Graduate of*

(Sundan sa pahina 4)



## TREES FOR LIFE

Sa *TREES for Life*, ang mga benepisyaryong mag-uuling ay magtatanim ng mga punungkahoy na pwedeng magamit sa pag-uuling at inaasahang makakabuo ng tinatawag na *cutting cycle* sa loob ng limang (5) taon. Inaasahan na sa ikalimang taon, magagamit na nila sa pag-uuling ang nauna nilang naitanim at magtatanim ulit ng panibago sakaling makaani.

Sa ganitong paraan, magiging sustenable ang kanilang pag-uuling at hindi na mababawasan ang punungkahoy sa mga kabundukan na pinagkukunan nila ng gawaing-uling. Bukod dito, pwede ring sanga na lamang ng punungkahoy ang gamitin nila sa pag-uuling para humaba ang buhay ng mga punungkahoy at mas matagal nilang mapakinabangan.

## TREES OF MINE

Ang *TREES of Mine* naman ay nakatuon sa pagpapanumbalik ng luntiang kapaligiran sa mga lugar na napinsala ng pagmimina kung saan ang may-ari ng mga minahan ay hihikayating makilahok sa proyekto.

Layunin nito na makapagtayo ng mga modelong *protection forests* sa lalawigan gamit ang *Miyawaki Method of Planting* na mula sa bansang Hapon *(Japan)*.

## TREES FOR YOUR LOVED ONES

Para sa *TREES for Your Loved Ones*, bawat munisipyo ay pipili ng isang barangay na pagtatayuan nila ng isang *Love Forest* kung saan lahat nang ikakasal sa kanilang lugar pati na ang magtatapos na mga mag-aaral, mga kawani ng pamahalaan, at iba pa ay pagtatanimin ng punungkahoy sa itatalaga nilang lugar.

Ito ay isasakatuparan sa pamamagitan ng pagbalangkas ng isang *Tripartite Agreement* sa pagitan ng mga pamahalaang panlalawigan, pambayan at pambarangay.

# EGAY 4 Trees...

**(Mula sa pahina 1)**

pananim na punungkahoy na aabot sa kabuuang 105,000 pananim. Buwan-buwan silang tatanggap ng P2,000.00 *honorarium* base sa kanilang natapos na gawain.

Ang mga mapapatubo nilang punong kahoy ay gagamitin naman para sa *TREES for Life*; *TREES of Mine* at *TREES for your Loved Ones projects* na ang layunin ay hindi lamang makapagtanim ng mga punungkahoy kundi ang makabuo ng mga kagubatan na magsisilbing *life support system*.

Regular silang susubaybayan ng *technical staff* mula sa *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)* ng pamahalaang panlalawigan na direktang tagapamahala ng proyekto.

Ang proyekto ito ay nakapaloob sa *One Million Trees Program* ng gobernador na pinopondohan ng *20% development fund*. Ito tugon ng *PG-PENRO* sa kautusan ni Gob. Tallado na lalo pang paigtingin ang mga inisyatibo at higit pang payabungin ang mga kasalukuyang programang pangkapaligiran upang mabawasan kung hindi man madaliang malutas ang mga nabanggit na suliraning pangkapaligiran na tayo ring mga tao ang may kagagawan.

Sa pamamagitan ni Bise Gob. Jonah G. Pimentel, hihilingin ng PG-PENRO sa Sangguniang Panlalawigan ang pagpasa ng isang Ordinansa para lubusang makapagpatupad ng mga proyekto na makatutulong para mapabagal nang husto ang *land degradation* o lubusang pagkasira ng kalupaan na resulta ng walang habas nating pagsira sa kalikasan tulad ng iligal na pagmimina at pag-uuling, pagkakaingin, maliban sa iba pa. ***TEODY L. LICARTE/ LORENA DELA TORRE-IBASCO/jcalimlim***



*ECO-GOVERNANCE PRIME MOVERS: (Nakaupo mula sa kanan)* ***Pinangunahan nina Provincial Admin. Joey Boma, Bokal Romy Marmol at Engr. Pol Badiola ang launching ng proyektong EGAY4TREES kasabay sa pagdiriwang ng "Earth Day 2014." Kasama sa larawan ang kinatawan ng iba't-ibang sangay ng pamahalaan at non-government organizations sa probinsya na tutulong sa implementasyon ng naturang proyekto.***

# 1.5 milyong ektaryang lupain patataniman ng DENR

Patuloy ang ginagawang pagsubaybay ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* sa isinasagawang *reforestation* sa rehiyon ng Bicol gamit ang *geotagging system*.

Ayon kay *DENR Bicol Director* Gilbert Gonzales kasalukuyang ginagamit ng *DENR* ang nasabing pangunahing teknolohiya sa pagsubaybay sa pagpapatupad ng *National Greening Program (NGP)* na may layuning mataniman ang 1.5 milyon ektarya ng lupa mula 2011 hanggang 2016. Kanyang inihayag na ang paggamit ng *geo-tagging* sa *NGP* ay makasisiguro sa integridad at katotoohan ng mga isinasagawang *accomplishment report* lalo na sa paglaki ng mga tinanim.

Ang *geo-tagging* ay isang proseso ng paglalagay ng *coordinates* at iba pang datos sa mga larawan at *video* sa mga *hand-held device* tulad ng *camera* o *mobile phone* na nakapagpapagana ng *global positioning system* o *GPS*.

Dagdag pa ni Gonzales malinaw ang kautusan ni *DENR secretary* Ramon Paje na himukin di lamang ang *DENR* na subaybayan ang *NGP accomplishment* kundi pati na rin ang publiko gamit ang *internet* sa pagbisita sa **http://ngp.denr.gov.ph/**.

Kasabay ng kautusan, ang lahat ng *report* ay kailangang notaryado ng isang abogado bago ito ipasa sa *DENR central office* upang mapanagot ang mga opisyal ng ahensiya sa katotohanan at integridad ng mga ito. ***(MAL/SAA/DENR5/PIA5)***

# Rep ng religious sector magbibigay payo sa usaping kapaligiran

Pipili ng isang kinatawan mula sa *religious sector* si Gob. Edgardo A. Tallado para maging miyembro ng *Provincial Environment and Natural Resources Council (PENRC)*.

Ito ay susog sa pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan (SP) na Resolusyon Blg. 187-2014 na nag-aamyenda sa Seksyon 17 ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 32-2013 na mas kilala bilang *'An Ordinance Regulating the Utilization of Natural Resources for the Protection and Conservation of the Environment in the Province of Camarines Norte'*.

Sa ilalim ng Seksyon 17, partikular na inaamyendahan ang pamunuan ng *Provincial Environment and Natural Resources Council (PENRC)* kung saan 3 bagong miyembro ang mapapadagdag sa *PENRC*. Ito ay kabibilangan ng isang pangunahing kinatawan mula sa *province's water district- Camarines Norte Water District*, *Chairman-committee on agriculture*, at isang kinatawan mula sa *religious sector* na si Gob. Tallado ang pipili.

Ang kinatawan mula sa *religious sector* ay inaasahang magbibigay-gabay at patnubay sa gobernador para sa paggawa niya ng mga desisyon at pagtiyak na maisusulong ang *ethical leadership* at *social responsibility* para makamit natin ang likas-kayang pag-unlad na hindi makukumpromiso ang ating kapaligiran at mga likas-yamang taglay nito.

Ang kinatawan mula sa sektor ng agrikultura sa katauhan ng Sangguniang Panlalawigan *Chairman on Agriculture* ang magsisilbing boses ng grupo ng mga magsasaka na isa sa mga pangunahing naaapektuhan sa pagkasira ng mga likas-yaman na hatid ng mapang-abusong paraan ng pagmimina na nakasisira hindi lamang sa mga yamang-lupa at katubigan kundi maging polusyon sa hangin man.

Samantala ang kinatawan mula sa *water district* ay kikilos upang masigurong mapupro-

**(Sundan sa pahina 7)**

# pagiging iskolar ng kapitolyo...

**(Mula sa pahina 3)**

kailangan lamang mapanatili ang *general weighted average* na hindi bababa sa 78% upang patuloy na makasama sa programa kumpara sa regular na iskolar na kailangang mapanatili ang 85% *general weighted average* at 80% naman para sa mga kumukuha lamang ng *engineering courses*.

Samantala, ang anak naman ng mga *PWDs* na hindi makapaghanapbuhay dahil sa kanilang kapansanan ay maaaring maging benepisyaryo ng *CNPGCEAP* ngunit limitado lamang ito sa isang anak bawat pamilya, kailangan din na makapasa sila sa kwalipikasyon na itinakda.

Ang pag-amyenda ay isinulong bilang tugon sa dulog ni Dr. Rex A. Bernardo ng *Provincial Council on Disability Affairs (PCDA)* kina Gobernador Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel at sa Sangguniang Panlalawigan ng kanilang mga mungkahing patakaran upang mas maraming *PWDs* ang mapabilang sa *CNPGCEAP* at makinabang sa nasabing programang pang-edukasyon.

Si Bokal Teresita DL. Malubay katuwang si Bokal Jay Pimentel, *Chairman ng SP Committee on Education* ang siyang isponsor ng pag-amyenda. ***Jing A. Calimlim***

## Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)

### Pamantayan sa Pagpili sa mga *Persons with Disability*

**PAMANTAYANG PRINSIPYO**

Sa ilalim ng Seksyon 4.5 ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 14-2011 na mas lalong kilala bilang *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)*, 5% ng kabuuang *available slots* ay nakalaan sa mga kwalipikadong *Persons with Disability (PWDs)*.

**MGA PWEDENG MAG-APLAY**

- Isang *Person with Disabilities (PWD)* na papasok sa unang taon sa kolehiyo o kasalukuyang nasa kolehiyo o kaya ay kumukuha ng *ladderized course* at dapat na lehitimong residente ng Lalawigan ng Camarines Norte.
- Ang anak ng isang hindi makapagtrabahong *PWD* dahil sa kanyang kapansanan ay pwedeng makapasok sa programa batay sa ebalwasyon ng mga kaukulang dokumento at pagsusuri.
- Hindi lalampas sa 1 iskolar bawat pamilya ang pwedeng maging benepisyaryo ng *CNPGCEAP*.

**MGA DOKUMENTONG DAPAT ISUMITE (Dapat ilagay sa isang mahabang *folder*)**

- *Certificate of Indigency* (Katibayan na Mahirap ang Pamilya) mula sa kinauukulang *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)* o kaya ay *2014 Income Tax Return (ITR)* na hindi lalagpas sa P120,000.00 ang taunang kita.
- *Certificate of Residency/Barangay Clearance* (pag-isahin)
- Orihinal at *photocopy* ng *PWD ID* o anumang katibayan na magpapakita o magpapatunay ng kanyang *disability* o kawalang kakayahan gaya ng: a) *Medical certification of impairment* o b) *whole body picture* (larawan ng buong katawan)
- 78% *general weighted average* – Ipakita ang orihinal na kopya at isumite ang *photocopy* ng *Form 138*
- 80% general weighted average para sa mga dati o kasalukuyang estudyante sa kolehiyo – Ipakita ang orihinal *na Certificate of Grades* at isumite ang *photocopy* nito.
- Liham sa pag-aplay sa *CNPGCEAP* ng isang estudyanteng *PWD* o ng isang magulang o tagapangalagang *PWD*.

**MGA HAKBANG SA PAG-AAPLAY**

- Ang *PWD* o anak ng isang *PWD* na aplikante sa *CNPGCEAP* ay dapat isumite ang mga dokumentong binanggit sa itaas sa *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* na nasa kaliwang bahagi ng *ground floor* ng *Provincial Library Building* sa *Provincial Capitol Grounds*.
- Kapag nakapasa sa inisyal na screening ang isang aplikante susog sa isinumiteng mga dokumento, pupunan *(fill up)* niya ang *Application Form* at ilalakip ang 2 kopya ng kanyang *1 x 1 photo*.
- Ang aplikante ay bibigyan ng iskedyul para sa kanilang *interview* o *essay writing*.
- Ang pagtanggap ng aplikasyon ay simula Abril 1-30, 2014 mula Lunes hanggang Biyernes maliban sa mga araw ng *holidays*, simula ika-8 n.u. hanggang ika-5 ng hapon.
- Ang mga aplikasyon ay susuriin ng Screening Committee na binubuo ng mga sumusunod:
  a. Jocelyn Grace A. Calimlim, *CNPGCEAP Program Officer* o ang kanyang kinatawan
  b. Cynthia R. dela Cruz, *Acting PSWDO Officer* o ang kanyang kinatawan
  c. Rex A. Bernardo, *MM*, *MDM*, *MHRM*, *Lead Convenor-Provincial Council on Disability Affairs*
- Iaanunsyo ng *Screening Committee* ang mga *PWDs* na kwalipikadong *CNPGCEAP grantees/scholars*

**MGA PROSESO SA PAGPAPATALA *(ENROLLMENT PROCEDURE)***

Ang Tanggapan ng Gobernador sa pamamagitan ng *Community Affairs Office (CAO)* ay mag-iisyu sa kwalipikado o nakapasang *PWD* ng *Certification as CNPGCEAP Grantee/ Scholar (Katibayan)*.

Ang naturang *Certification* (Katibayan) ay ipri-presenta ng *PWD* o anak ng *PWD* sa kolehiyo kung saan siya papasok na siyang garantiya na babayaran ang *tuition fee* niya ng hanggang P5,000.00 lamang bawat semestre sa pribado o gobyernong pamahalaan man mag-enrol

Ang *PWD grantee* ay maaaring mag-aral sa kolehiyo o kumuha ng *ladderized course* sa alinmang pampamahalaan o pribadong kolehiyo sa loob lamang ng lalawigan.

Ang *PWD grantees* ay dapat mag-aral sa mga pribado at pampamahalaang institusyong pang-edukasyon sa loob ng probinsya ngunit maaaring mag-aral sa labas ng probinsya kung walang nagbibigay ng kursong gusto nilang kunin batay sa kanilang kakayahan.

**PAGPAPATULOY NG *GRANT/SCHOLARSHIP GRANT***

Kailangang mapanatili ng *PWD grantee* ang *general weighted average* na 78% at pataas.

Sa panahon na ang mga PWD grantees na nag-aaral ay magkaroon ng kakulangan sanhi ng kanilang disabilidad ay pwedeng bigyan ng konsiderasyon pagkatapos ng angkop na ebalwasyon para patuloy na maging benepisyaryo ng programa.

# Pagiging iskolar ng kapitolyo, bukas na sa mga PWDs

Ipinag-utos kaagad ni Gob. Edgardo A. Tallado sa tanggapan ng *Community Affairs Office (CAO)* ang pagsasaayos ng mga patakaran upang sa pagbubukas ng klase sa buwan ng Hunyo ngayong taon ay maayos na ang proseso para sa mag-aaplay na mga *Persons with Disability (PWDs)*.

Ito ay alinsunod sa pag-amyenda kamakailan ng Sangguniang Panlalawigan sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 28-2013 na nagtatakda na ang limang porsiyento (5%) ng bakanteng puwesto o alokasyon sa *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)*, ay ilalaan sa mga aplikanteng *PWDs*.

Sa mga *PWDs* na nais pumasok sa kolehiyo o kasalukuyang kumukuha ng *tertiary* o *ladderized courses* sa anumang antas ay hindi na isasailalim sa pagsusulit upang mapabilang na iskolar ng pamahalaang panlalawigan.

Pinalawak din ang karapatan at pribilehiyo ng mga *PWDs*. Ang mga magiging kwalipikadong kabataang *PWD* ay

**(Sundan sa pahina 2)**

# 49th IB magtuturo sa kabataan sa kahandaan sa panganib




Dumayo ang may 276 kabataan mula sa 12 bayan ng ating lalawigan sa *Camp* Elias Angeles, Pili, Camarines Sur bilang delegado ng Camarines Norte sa *Provincial Youth Leadership Summit* na may temang, *"Mainstreaming Skills Development on Disaster Preparedness in Youth Leadership Training"* noong Abril 22-26,2014.

Itinaguyod ito ng *49th Infantry Battalion* sa pakikipagtulungan ng pamahalaang panlalawigan sa pamumuno ni Gob. Edgardo A. Tallado at sa pamamagitan ng *Provincial Youth Affairs Office (PYAO)* at suporta ng *JCI Daet Bulawan* sa pangunguna ni Ms. Joan Mendones.

Ang mga paksang tinalakay sa 5-araw na aktibidad ay ang *Climate Change*, *Wild Life Conservation*, *The Self*, *Role of the Youth in Disaster Risk Reduction and Management*, *Vulnerability Assessment of Camarines Norte*, *Kaya Natin Movement Good Governance Advocacy*, *Youth Affairs Programs*, *Youth Development* at ang mga *JCI Programs*.

Sa ikalima at huling araw ay nagkaroon ng Lakbay-Aral kung saan bumisita sila sa Legazpi *Airport*, *Embarcadero de Legazpi* gayundin sa *Navy Base*, *Air Force Base*, at *Cagsawa Ruins* sa Legazpi *City* pa rin.

Pormal na nagtapos ang 5-araw na aktibidad sa pamamagitan ng isang programa kung saan si Bokal Jay Pimentel ang naging *guest of honor and speaker*.

Naging panauhing pandangal at tagapagsalita naman sa *opening program* nito si *BGen* Richard Q. Lagrana, *Commander*, *902nd Brigade*, *9th Infantry Division*, *Philippine Army*.

Samantala, kabilang din sa layunin ng pagdaraos ng nasabing *1st Provincial Youth Leadership Summit* ang mahubog ang mga kabataan na maging responsableng mga mamamayan at maging aktibong katuwang ng pamahalaan sa pagsusulong ng mga inisyatibong pangkapayapaan at pangkaunlaran.

Una rito, ang naturang mga kabataan ay sumama muna sa Parada ng Kabataan na bahagi pa rin ng selebrasyon ng *Bantayog Festival* at *94th Founding Anniversary of Camarines Norte*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Bawat Camnorteño:
## INSTRUMENTO SA PAGBANGON AT PAGBABAGO!

Ito ang tema ng pagdiriwang natin sa ika-94 na anibersaryo ng ating lalawigan at ika -10 taon ng BANTAYOG Festival sapagkat nais nating bigyang-diin na bawat isa sa atin, bawat mamamayang CamNorteño ay aktibong kumikilos at nagpupunyagi upang ang minamahal nating Lalawigan ng Camarines Norte ay ikarangal natin na isang probinsyang progresibo.

Sa pagdalo natin sa misa kaninang umaga bilang simula ng ating pagdiriwang, ang temang ating pinag-uusapan ngayon ay siya ring buod ng mensahe sa unang pagbasa na binigyang-diin ni Rev. Msgr. Cezar M. Echano sa kanyang sermon. Ipinaunawa sa atin na bagama't ang Israel ay isang maliit na bansa kumpara sa mga naglalakihang bansa sa mundo, ay hinirang ng Diyos para maging tanglaw sa lahat ng bansa upang ang sandaigdigan ay maligtas. Ang Israel ang ginamit na instrumento sa pagbangon at pagbabago ng sambayanang kristiyano. Sabi pa ni Msgr. Echano, hindi kailangang maging malaki upang maging isang tanglaw.

Masasabi nating maliit lamang ang Camarines Norte kumpara sa ating mga karatig-probinsiya: ang Quezon at Camarines Sur. Mas kilala at dinarayo ang kanilang lalawigan kaysa sa atin. Sila ay mas malaki, mas maunlad. Ngunit ako'y naniniwala na maaari nating baguhin ang ating kapalaran, napag-iwanan man tayo sa hatian ng Ambos Camarines at tayo ay may 12 bayan lamang, maaari rin tayong maging tanglaw na siyang magdadala ng liwanag ng pagkakaisa at biyaya ng pagtutulungan.

Napatunayan natin ito sa pinakahuling datos ng *National Statistical Coordination Board (NSCB) Bicol* noong Abril 2013. Matatandaan na sa taong 2012, 24.7 % na lang ang *poverty incidence* ng lalawigan, o bumaba ng 7.7 % ang bilang nang naghihikahos na pamilya kumpara noong 2009 kung saan 32.4 % ang naitalang *poverty incidence* sa Camarines Norte.

Sinabi mismo ni Josephine Chua, *spokesperson* ng *NSCB Bicol*, "maganda ang *performance* ng CamNorte, pinakamababa sa lahat ng probinsiya sa buong Bicol.

Sa 6 na probinsiya sa Rehiyong Bikol, tayo ngayon ang nagsisilbing tanglaw sa paglaban sa kahirapan. Naipakita natin na kaya nating umahon mula sa pagiging isa sa pinakamahihirap na probinsya sa bansa. Ang pagkilos natin nang sama-sama ay nagbubunga ng maganda para sa ating lalawigan.

Ikinararangal ko ring ipabatid na ang maliit nating lalawigan ay nagsisilbing modelo o pamantayan sa paglulunsad ng mga proyekto. Ang ating Lalawigan ng Camarines Norte ang napiling *pilot province* ng *UN World Food Program* para sa programang *Partnership Against Hunger and Poverty* dahil sa nakitang pagpupunyagi natin na maibsan ang kahirapan. Tayo rin ang napiling *pilot province* para sa implementasyon ng *UNICEF program for Cooperation* dahil sa mahusay nating *Disaster Risk Reduction Management Program*.

Dahil din sa magandang implementasyon ng *ARCP2* ay pagkakalooban tayo ng *performance based grant system* at bahagi na nga po niyan ang malapit nang matapos na *Agri-Pinoy Trading Center* na kauna-unahang uri ng ganitong proyekto sa ilalim ng administrasyon ng Pangulong Aquino. Layunin ng proyekto na matulungan ang mga magsasaka na madagdagan ang kanilang kita at mapabuti ang kanilang pamumuhay. Malapit na ring simulan ang isa pang bago at malaking programa sa ating probinsiya sa ilalim ng *Philippine Rural Development Program* na may nakalaang bilyong pondo at siguradong mag-aangat sa ekonomiya ng ating lalawigan.

Ang naging pamantayan sa pagkapili sa ating lalawigan para sa naturang

**(Sundan sa pahina 6)**

# tanging 2 magtatapos na Cum Laude...



*BRAVO SCHOLARS - the graduating scholars of provincial government and at the same time officers of the PGCEAP Grantees Association proudly showing their award from provincial government for being able to finish college as scholars and for serving too as officers of the organization. ( from l-r) Jing A Calimlim, BM Quinones, BM Renee Herrera, John Lester Sinangote, Kay Mariz del Ayre, Susana Busiños, Gov. Tallado, Julie Andaya, Janine Garido, Nova Joy Ellozo, Grace Dingle, Darren Jovit Paril and Mr. Bong Palma. 2nd row are BM Pol Gache and BM Jay Pimentel*

*(Mula sa pahina 1)*

*PGCEAP for SY 2013-2014* dahil sa kanyang *Academic and Leadership Excellence*. Siya ay nagsimulang iskolar ng *PGCN* simula nang siya ay *1st year college* at matataas ang kanyang marka hanggang sa ngayon na siya ay magtatapos bilang *Cum Laude*. Siya rin ang Pangulo ng *Federated Student Council, Inc.* ng *CNSC* at kauna-unahang naging Pangulo ng *PGCEAP Grantees Association for SY 2011-2012* at 2012-2013.

Si Nova Ellozo na simula *2nd year college* ay iskolar na ng *PGCN* ay sinabitan din ng medalya ng *Academic Excellence* dahil sa pagiging *Cum Laude*.

Binigyang-pagkilala rin ang mga *graduating scholars* na mga naging opisyales ng *CPGCEAP Grantees Association* at gayundin ng *Student Council* ng kanilang paaralan. Sila ay pinagkalooban ng *MEDAL for LEADERSHIP EXCELLENCE*. Ito ay sina SUSANA LEAMOR O. BUSIÑOS , GRACE A. DINGLE, DARREN JOVIT A. PARIL, JANINE R. GARIDO, KAY MARIZ R. DEL AYRE at JOHN LESTER B. SINANGOTE.

Pinangunahan naman ni Bise Gobernador Jonah Pimentel ang pagsasabit ng medalya sa mga magtatapos na *PGCEAP scholars*. Nakatuwang niya ang mga nakiisa sa okasyon na sina *Board Members* Pol Gache, Renee Herrera, Gerry Quiñones, Jay Pimentel at Pamela Pardo. Sa taong ito, batay sa talaan ng *Community Affairs Office* ng PGCN ay 250 iskolar ng kapitolyo ang nagtapos/magtatapos na karamihan sa kanila ay dumalo sa nasabing programa.

Ipinabatid din ni Gob. Tallado sa mga iskolars na hangad niya na muling madagdagan ang pondo para sa *scholarship program*. Ayon sa kanya, sa ilalim ng kanyang administrasyon ay itinaas niya ito sa P5 milyon, ginawang P10 milyon at ngayong taon ay P14 milyon na. Maaaring madagdagan pa ito ng P6 na milyon upang sa kabuuan ay maging P20 milyon na ang pondo para sa *scholarship program* ng pamahalaang panlalawigan sa buong panahon ng kanyang panunungkulan katuwang ang Sangguniang Panlalawigan. ***JING ARRIOLA CALIMLIM***



*CUM LAUDE & MOST OUTSTANDING PGCEAP SCHOLAR - Julie Andaya receiving a Medal and Certificate from Gov. Tallado. She both got an Academic and Leadership Excellence from Office of the Governor, with BM Renee Herrera*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki Vito, *Communications Liaison, Prov'l. Information Office*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
Jing A. Calimlim
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T.
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# Mga Piling Larawan






*SALUTE TO BANTAYOG- pag-aalay ng bulaklak sa kauna-unahang BANTAYOG ni Gat Jose P. Rizal nina (from l-r) Bise Gob. Jonah Pimentel, Gov at Gng. Egay Tallado, Daet Mayor Tito S. Sarion, (nasa likod, BM Pam Pardo, BM Mike Canlas, BM Renee Herrera at Labo Mayor Joseph Ascutia*



***MISANG PASASALAMAT– hawak kamay na kumakanta ng Ama Namin ang opisyales ng lalawigan sa isang Banal na Misa na nagbukas sa selebrasyon dito ng ika-94 taong anibersaryo ng Cam. Norte at Bantayog Festival 2014.***



***BALIK TANAW SA ALA-ALA NI JOMAPA– Si Vice Gov. Jonah Pimentel, Mr. Igmedio Zaldua mula sa Angkan ng Bayani, panauhing si** Councilor Casper Nathan Sergio ng City Government of Naga**, at Coun. Sarap Aviado ng Jose Panganiban sa pagbubukas ng eksibit para kay Jose Maria Panganiban.***




*PALAKPAK NG PAGKILALA—Si Gob. Edgardo A. Tallado kasama ang panauhing si Sen. JV Ejercito at si Bise Gob. Jonah G. Pimentel (ika-5 hanggang ika-7 mula sa kaliwa) at mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan ay pinangunahan ang masigabong pagsalubong sa mga nakiisa sa Civic-Military Parade.*



*ALL SMILES ang mga nanalong kandidata sa Search for Bb. Camarines Norte 2014. (from l-r) 1st Runner-Up Rose Anne Mae S. Luzuriaga, Bb. Turismo 2014 Elvira Jalina Josie B. Tallado , Bb CamNorte 2014 Euna R. Gallardo, Gob. Edgardo A. Tallado , Bb. Bantayog 2014 Regine Emmanuelle D. Mas, 2nd Runner-Up Joyce Baclili, Bise Gob. Jonah G. Pimentel at kabiyak na si Bembem.*



*FIRST PLACER- Ang Daet Elem. School DLC sa kanilang eksibisyon sa DLC Competition-Elementary Division. Nagmula din sa kanila ang Best Conductor title. Nakuha ng Mercedes Elem. School ang 2nd place at ang Tulay na Lupa Elem. School na 3rd place ay nakuha din ang ang Best in Majorette title.*




*GRATEFUL APPRECIATION-Pinangunahan ni Bise Gob. Jonah Pimentel ang pagkakaloob ng sertipiko ng pasasalamat sa mga nakiisa sa Bantayog Fun Run na magkasamang itinaguyod ng pamahalaang panlalawigan at ng Kiwanis Club of Bintao sa pamumuno ni Aimee Elaine Saile (2nd fr left)*



*GRAND PRESENTERS (from l-r) Si Bise Gob. Pimentel, Bokal Pamela Pardo, Chairman ng Bantayog Fest at Meg Imperial na bida sa teleseryeng 'Moon of Desire' ng ABS-CBN habang hinihintay tawagin ang mga nanalo sa Search for Miss Camarines Norte*



PHOTO |GIO LEDESMA

*THE WINNER TAKES IT ALL - Ang Abaño Laboratory High School ang nanalo sa DLC Competition-High School Division at nakuha din nila ang ang Best in Majorette at Best Conductor titles. Naiuwi ng Capalonga HS ang 2nd place title habang ang 3rd place slot ay nasungkit naman ng Camarines Norte National High School.*



*GRACING THE PARADE - sumama din sa parada ang mga opisyales ng lalawigan. (from l-r) SPM/Coun. Jay Bimentel-PC President, SPM/Kap. Ramon Baning-Liga ng Brgy. President, BM Renee Herrera at Bise Gob. Jonah Pimentel*

# Bawat CamNorteño...

(Mula sa pahina 4)

naglalakihang proyekto ay ang ipinakita nating mahusay na implementasyon ng proyekto, ang masinop na paggugol, at mahuhusay na manggagawa sa ilalim ng isang pamahalaan na handang tumaya para sa pagbabago.

May kasabihan tayo na maliit lamang ang nakapupuwing. At ito ang pinatunayan ng ating lalawigan nang manalo ang Camarines Norte sa isang *on-line contest*. Dahil sa lakas ng puwersa ng kampanya ng bawat CamNorteño, nanguna tayo sa *on-line voting* kung kaya hawak ngayon ng ipinagmamalaki nating Calaguas *Islands* sa bayan ng Vinzons ang unang puwesto sa *The Top 10 Philippine Gems*.

Tila imposible ngunit nagawa natin. Mula sa 250 *potential tourist destinations* sa bansa na naglaban-laban kasama na ang pambato nating Calaguas *Islands*; pumili ng 50, hanggang naging 25, hanggang 10 ang natira kung saan tayo ang nanguna.

Samantala, ika-4 na pagkakataon na po ninyo akong nakakasama sa pagdiriwang ng anibersaryo ng ating lalawigan. Noong 2010 ang ating sigaw ay ABANTE, CAMARINES NORTE! Sa taong 2011, BAWAT CAMNORTEÑO, BAYANI AT MARANGAL ang ipinahatid kong tema. Noong 2012, BAWAT CAMNORTEÑO: TANGLAW TUNGO SA TUWID NA LANDAS ang isinulong kong mensahe. Noong isang taon, sinabi ko na hangad ko na ang BAWAT CAMNORTEÑO: KATUWANG SA MAALIWALAS NA KINABUKASAN.

Ngayon sa pagdiriwang na ito: ang panawagan ko na nais kong isigaw nating lahat ay, BAWAT CAMNORTEÑO: INSTRUMENTO SA PAGBANGON AT PAGBABAGO!

Ang mga temang 'yan ay tinatawag nating "*commitment setting*". Kailangan na nagkakaisa ang ating isip at damdamin tungo sa iisang direksyon na siya naman nating pinatunayan. Makalipas ang 4 na taon, alam ko na ang bawat CamNorteño, lalo na kayong aking mga naging katuwang, si Bise Gob. Jonah Pimentel at ang Sangguniang Panlalawigan, ang mga hepe at kawani ng kapitolyo at iba't-ibang ahensiya ng gobyerno; ang mga pamahalaang bayan at barangay, mga kaparian at mga parokya, mga guro, magsasaka, mangingisda, mga negosyante, mga kabataan, mga *non-government organizations*, ang lahat ng sektor ng ating lipunan, ang bawat isa sa atin, tayong lahat ay maaaring magmalaki na may kontribusyon tayo sa magandang nangyari, kasalukuyang nangyayari at mangyayari pang mga pagbabago para ganap na matamo ang kaunlaran ng ating minamahal na Lalawigan ng Camarines Norte.

# Bantayog fest...

(Mula sa pahina 1)

lado, na nagpahayag na siya ay handang tumulong sa magagandang plano at programa ng gobernador.

Una pa sa parada ay isinagawa ang *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* at kasunod ang pag-aalay ng bulaklak sa unang bantayog ni Gat Jose P. Rizal.

Isang linggo ang naging selebrasyon na tinampukan ng iba't-ibang gawain at mga programa na mas pinakislap ng pagdating ng mga *showbiz personalities* na sina Melissa Ricks at Meg Imperial.

Ang nabanggit na mga aktibidad ay inihanda at pinangasiwaan nina *Provincial Tourism Officer Atty*. Debbie Francisco, Unang ginang ng lalawigan Josie Baning-Tallado at Bokal Pamela Pardo na tumatayong *chairman* ng *SP Committee on Tourism*.

Samantala, matatandaan na sa maraming okasyon ay paulit-ulit na sinasabi ni Gob. Tallado na isa sa mga prayoridad na programa ng kanyang administrasyon ngayong taong 2014 ay ang pagpapaunlad at pagpapalawak ng industriya ng turismo na alam niyang maghahatid ng mas maraming oportunidad sa trabaho at higit na magpapasigla sa daloy ng kalakalan at negosyo dito sa Probinsya ng Camarines Norte. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jac***

# Let's football, paanyaya sa Bantayog fest

Ang *Camarines Norte Bantayog Football Club* ay nagsagawa ng 4 na araw na *football clinic* noong Abril 19-22, 2014 bilang pakikiisa sa selebrasyon ng *8th Bantayog Festival* at *40th Founding Anniversary of Camarines Norte.*

Ang mga kabataang babae at lalaki na edad 6 hanggang taon ay sumailalim sa araw-araw na pagsasanay na isinasagawa simula ika-7 ng umaga hanggang ika-12 ng tanghali.

Ayon kay G. Randy Serrano, Presidente ng Camarines Norte Bantayog Football Club at isang lisensyadong Asian Football Coach, layunin ng football clinic na mapataas ang antas ng kaalaman ng mga kabataan ukol sa larong football at upang makahubog ng panibagong mga manlalaro ng football na lalahok sa mga paligsahan na pangrehiyon at nasyonal.

Nagpapasalamat ang nasabing samahan kay Gob. Edgardo A. Tallado sa hangarin nito na makahubog ng mga kabataan (babae at lalaki) na may malaking potensyal na magtagumpay sa larangan ng larong *football*.



# UPLB Student kinoronahang Bb. Camarines Norte

Nagpaningning sa *Search for Bb. Camarines Norte/ Bb. Bantayog* ang presensya ng artistang si Meg Imperial na bida sa teleseryeng *Moon of Desire* ng *ABS-CBN* na isa sa mga naging hurado sa taunang patimpalak at nagbigay rin ng isang espesyal na bilang.



*EUNA R. GALLARDO*
*Bb. Camarines Norte 2014*

Samantala, ang 21-taong gulang na si Euna Anne R. Gallardo ng *LGU Daet* ang kinoronahan bilang *Bb. Camarines Norte 2014* sa katatapos na *Bb. Camarines Norte 2014 Grand Pageant Night* na idinaos sa *Camarines Norte Agro-Sports Center*. Si Gallardo ay kumuha ng kursong *BS in Agri-Business Management* sa *University of the Philippines-Los Baños (UPLB)*.

Naging pinakamahigpit na kaagaw ni Gallardo sa korona ang kanyang kababayan na si Regine Emmanuelle D. Mas na nakuha ang titulong Bb. Bantayog 2014. Sa murang edad na 17 taon, ipinakita ni Mas ang kanyang talino at talento na nagpaangat sa kanya sa kumpetisyon kumpara sa iba pang kandidata. Siya ay *incoming 3rd Year BS Medical Tech. Student* sa *University of Sto. Tomas (UST)* ngayong *SY 2014-2015*.

Tinanghal naman bilang Bb. Turismo 2014 si Elvira Jalina ng *LGU* Capalonga na edad 22 taon at kumuha ng kursong *BS Tourism Management* sa *Far Eastern University (FEU)*.

Kasama nilang nanalo sina Rose Anne Mae S. Luzuriaga ng *LGU* San Vicente at Joyce Baclili ng *LGU* Vinzons na parehong edad 19 na taon. Si Luzuriaga ay *4th year BS Physical Therapy student* ng *De La Salle University (DLSU)* habang *BS Food Technology student* sa *UP Diliman* si Baclili. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# premyo sa...


(Mula sa pahina 8)

parada maliban pa sa puntos na ibinigay para sa kanilang *final presentation*.

Katulad nang dati, tiniis ng marami nating kababayan ang init ng araw at pagod sa paghihintay sa presentasyon ng bawat kalahok. Sulit naman ang kanilang pagod sapagkat taun-taon mang kalahok ang naglalaban-laban ngunit bawat taon ay iba-iba ang kanilang eksibisyon gayundin ang gamit nilang mga kasuotan, aksesorya at materyales. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO/jcalimlim***

# 3rd GOVERNORS' CUP FUN SHOOTING

Pinangunahan ni Gob. Edgardo Tallado ang *shooting competition* na isinagawa kamakailan sa *Camp* Wenceslao Q. Vinzons-Daet na bahagi ng pagdiriwang ng Bantayog *Festival* at ika-94 na taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte.



**Pinangunahan ni Gob. Egay Tallado (nasa gitna) ang seremonyal na pagpaputok ng baril na hudyat sa pagbubukas ng 3rd Governor's Cup Fun Shooting Competition sa Camp WQV kasama si PNP PD Moises Pagaduan (nakatayo-dulong kanan).**

Sa mensahe ng gobernador, binigyang-diin niya ang kanyang hangarin na maging mapayapa ang Camarines Norte at ang bawat *gun holder*, maging pulis man o sibilyan ay maging responsableng may-ari ng baril lalo na ang wastong paggamit ng baril.

Ang *ceremonial shoot* ng gobernador ang naging hudyat sa pagsisimula ng nasabing kompetisyon na nilahukan ng mga miyembro ng *Philippine National Police (PNP)* at ilang mga *gun enthusiasts* sa lalawigan.

Bukod sa karagdagang P50,000.00 na ibinigay ng gobernador bilang dagdag na papremyo sa naturang kumpetisyon, tiniyak din nito ang pagpapakongkreto ng mga kalsada sa loob ng kampo na sira-sira na rin sa ngayon.

Labis naman ang naging pasasalamat ni *Camarines Norte PNP Provincial Director P/SSupt.* Moises Cudal Pagaduan sa naging suporta ni Gob. Tallado sa nasabing aktibidad lalo't higit sa tulong na patuloy nitong ibinibigay para sa *Camp WQ Vinzons.*

# Solid Waste Management Plan babalangkasin

Alinsunod sa kanyang *Executive Agenda* para sa kanyang ikalawang termino ng panunungkulan, sa pagsusulong ng *Solid Waste Management Program*, ipinag-utos ni Gob. Edgardo A. Tallado ang rekonstitusyon ng *Provincial Solid Waste Management Board (PSWMB)*.

Ang nasabing lupon na siyang mag-aaral, magpaplano, magpapatupad, at magpapasimula ng mga programa para maging *ecologically-sound environment* ang ating lalawigan ay pamumunuan ng gobernador bilang *chairman* kasama si *Exec. Asst. IV/Acting Provincial Administrator* Jose G. Boma bilang *vice chairman*. Isusulong ng *board* ang pagbuo ng *Provincial Solid Waste Management Plan* na kukunin mula sa mga *solid waste management plans* na isusumite ng mga munisipyo at *municipal solid waste management boards*.

Dahil dito, pangunahing miyembro ng *PSWMB* ang mga *municipal mayors* mula sa 12 bayan at si Bokal Gerardo G. Quiñones –*Chairman, SP Committee on Environment.*

Ang *PSWMB technical working group* ay pamamahalaan naman ni *Engr.* Leopoldo P. Badiola, *LGU Provincial Environment and Natural Resources Officer* bilang *team leader*. Makakasama niya rito ang tig-iisang kinatawan mula sa mga kaukulang departamento ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte. Ang *LGU PENRO* rin ang magbibigay ng *secretariat services* sa *PSWMB*.

Kabilang din sa mga miyembro ng *PSWMB* ang mga kinatawan mula sa *non-government organization* at ilang pambansang ahensya.

Ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2013-32 na nagtatakda sa pagbuo ng *PSWMB* ay alinsunod sa *Republic Act No. 9003 (An Act Providing for an Ecological Solid Waste Management Program, Creating the Necessary Institutional Mechanisms and Incentives, Declaring Certain Prohibited Acts and Providing Penalties, Appropriating Funds Therefore, and for Other Purposes)*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***

# Zigzag road sa Bitukang manok challenging sa mga long-board skaters



15 Long Boarders from different parts of Bicol Region participated in the recently concluded Long Board Competition held at the breath-taking Zig-Zag road of Bitukang Manok, Bicol Natural Park at Brgy Tuaca Basud, Camarines Norte.

The 1-Kilometer Open Category and 500-Meter Groom Category competition was organized by the Golden Week Pilipinas, a non-profit organization that aims to promote skate boarding in the province through Lala Vargas as the Event Organizers and Sam T. Sendon II as the Over-all Event Organizer.

Long boarders were required to wear protective gears. Sacks of soft materials and early warning devices were placed at the curves of the road to ensure their safety during the competition.

The competition was assisted by Kabalikat Charity Daet Central, Philippine National Police and MDRRMO of Basud. ***(Photo by: Orlando Encinares of Net 25)***

# Tulong sa mga magsasaka, tuloy-tuloy mula sa pamahalaan

Kasabay ng konstruksyon ng *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* ay inihahanda na rin ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang iba pang mga kailangang kagamitan at mga taong mamamahala nito para sa mga istratehiya para sa matagumpay na kalakalan dito.

Binuo ni Gob. Edgardo A. Tallado ang isang komitiba na kinabibilangan ng ilang kawani na kasalukuyang nagrerepaso ng *Operations Manual* ng *APTC* na siyang pagbabatayan sa maayos na implementasyon nito.

Inaasahan din na mabigyan ng 6 na yunit ng *hand tractor/power tiller/cultivators* ang grupo ng mga magsasaka sa lalawigan mula sa kahilingan ng Sangguniang Panlalawigan sa bisa ng Resolusyon Blg. 108-2014 na iminukna ni *SP Member* Romeo R. Marmol, *SP Chairman on Agriculture.* Layunin nito na lubos na mapakinabangan ang ating mga lupaing pansakahan at mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka.



WATCHING MOVIE? - Hindi pelikula ang pinapanood ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na miembro ng reviewing committee ng Manual of Operation ng Agri-Pinoy Trading Center kundi ang wide screen presentation ng nasabing manual upang siguruhing ang mga nakalatag dito ay angkop sa pagpapatakbo at pamamahala ng APTC.

Patuloy ang pagbibigay ng pamahalaang panlalawigan ng mga *agricultural inputs* sa mga magsasaka tulad ng mga *fertilizers, farm equipments*, at iba pa. Ito ay upang matiyak ang masagana at tuluy-tuloy na suplay ng mga panindang prutas, gulay, lamang-ugat at iba pang produktong agrikultural na ibebenta sa *APTC*. Wala ring humpay ang *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* sa pakikipagpulong sa iba't-ibang samahan ng mga magsasaka upang ipabatid sa kanila ang naturang proyekto at ang kahalagahan ng kanilang partisipasyon para maging matagumpay ito.

Ang proyektong *APTC* ay magbibigay-daan para tumaas ang kita ng mga magsasaka sa pamamagitan ng direktang pagbebenta ng mga magsasaka ng kanilang mga aning-tanim na walang tagapamagitan o *middlemen* na 'laway lang ang puhunan' ika nga, pero mas malaki pa ang kinikita kesa sa kanila. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jingcalimlim***

# rep ng...

***(Mula sa pahina 2)***

tektahan ang mga *watersheds* sa iba't-ibang lugar sa lalawigan.

Inaasahang magiging aktibo sila sa pagbibigay ng kanilang ideya at opinyon para higit na mapangalagaan, mapagyaman at mapreserba ang ating kapaligiran para sa kapakanan ng mga susunod na henerasyon. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***/JAC

# celebrities atpb...

***(Mula sa pahina 8)***

*Provincial Director P/SSupt.* Moises Cudal Paguduan, masayang ibinalita nito na walang anumang malalaking krimen o *untoward incident* na naganap sa lalawigan sa gitna ng pagdagsa ng mga turista at mga bakasyunista.

Sa panayam naman kay Gob. Tallado, binigyang-diin nito ang pagbibigay ng malaking atensyon sa larangan ng turismo sa Camarines Norte para ngayon at sa mga susunod pang taon. Sa kanyang inisyatibo ay naitayo ang *Cory Aquino Boulevard* sa Bagasbas na ang tulay na lamang ang kailangang tapusin upang mapagdugtong ang Daet, Mercedes, Talisay at Vinzons.

Ayon din sa kanya, kasalukuyang isinasagawa ang *construction* ng *coastway* sa bayan ng Vinzons upang hindi na maapektuhan ng *Low Tide* ang transportasyon sa karagatan partkular sa pagtungo sa Calaguas *Island*. Ang *Department of Transportation and Communication (DOTC)* ay naglaan ng Limampung milyong piso.

Ayon pa sa gobernador, patuloy ang kanilang pagtutulungan ni Bise Gob. Pimentel na tiyakin ang pagtutok sa pagpapalakas ng turismo upang makatulong sa ekonomiya ng lalawigan at karagdagang pagkakakitaan ng mga mamamayan.

Sinabi naman ni Bise Gob. Pimentel na pinag-aaralan ngayon ng Sangguniang Panlalawigan ang pagbalangkas para sa isang kumprehensibong plano para sa turismo sa kabuuan ng lalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng Sangguniang Panlalawigan *Tourism Committee* nito na pinamumunuan ni Bokal Pamela Pardo bilang *chairman*.

Samantala ang *2nd Daet International Aerosports* ay pinangunahan ng *Philippine Paragliding and Hang-gliding Association, Mike Kites, the local kite boarding school* ng Daet at *Bagasbas Beach Development Council.* Ito ay itinaguyod din ng *Department of Tourism (DOT), League of the Municipalities of the Philippines (LMP), Provincial Government of Camarines Norte, Daet Press Corp and Bicol Advocates for Heritage Enrichment and Development.* ***JingCalimlim/dondee consuelo/kim fernandez***

# Premyo sa Bantayog Street Dancing sa 2015 itataas sa P200,000

Inabangan at dinagsa muli ng ating mga kababayan ang *Street Dancing Competition* noong Abril 20, 2014 na taunang ginagawa sa ilalim ng 8th Bantayog *Festival* kasabay sa selebrasyon ng anibersaryo ng pagkakatatag ng ating Probinsya ng Camarines Norte na 94 na taon na ngayon.

Inaasahang aabangan muli ng publiko ang kumpetisyon sa susunod na taong 2015 na inaasahang mas magiging mahigpit kumpara sa nakalipas na mga taon. Ito ay kasunod ng pahayag ni Gob. Edgardo A. Tallado sa okasyon na sa taong 2015, ang premyo ngayong P50,000.00 para sa kampeon sa *street dancing competition* ay itataas niya sa P200,000.00; ang P30,000.00 para sa makakukuha ng ikalawang pwesto ay gagawing P150,000.00, at ang P20,000.00 para sa makapag-uuwi ng ikatlong pwesto ay magiging P100,000.00 na.

Dahil dito, inaasahan na mas marami ang maiengganyong lumahok sa kumpetisyon at magpapakitang-gilas sa Bantayog *Festival 2015* lalo na at lahat ng *contingents* ay awtomatikong pagkakalooban ng P50,000.00.



Ngayong *Street Dancing Competition 2014*, nanalo ang Pinyasan *Festival* ng *LGU Daet* na nakuha ng *Rahugan Festival* ng *LGU* Basud noong 2013.

Naiuwi naman ng Palayog *Festival* ng Sta. Elena ang *1st runner-up title* habang *2nd runner-up* naman ang Kadagatan *Festival* ng Mercedes.

'*Back-to-back*' na isinagawa ang *Grand Festival Parade* at *Street Dancing Competition* kung saan sentrong atraksyon muli ang huli. Sa pamamagitan nito, naipakita ng mga kalahok na bayan ang kanilang mayamang kultura at tradisyon at makasining na abilidad.

Ang mga kalahok sa kumpetisyon ay binigyang-puntos na ng mga hurado habang nagpa-

(Sundan sa pahina 6)



## Sta. Elena PALAYOG Festival - 1st Runner-Up



## Mercedes KADAGATAN Festival - 2nd Runner-Up

## Daet PINYASAN Festival - Champion



Ang showbiz personality na si Miss Melissa Ricks ay nagpakuha ng larawan kasama ang Gob. Egay Tallado mascot.



Si Meg Imperial, bida ng teleseryeng 'Moon of Desire' ng ABS-CBN ay ipinakita ang kanyang husay sa pag-awit sa bahagi ng Grand Coronation Night ng Bb. Camarines Norte 2014 na ginanap sa CN Agro-Sports Center noong Abril 21.




KALESA RIDE AT BAGASBAS BEACH SHORE— ito'y isang atraksyon at kinagigiliwan ng mga turista sa Bagasbas, Daet Camarines Norte

# Celebrities atbp pang bakasyonista nagdadagsaan sa No. 1 Gem Calaguas Island at Bagasbas Beach

Ikinatuwa ng pamahalaang panlalawigan, sa pangunguna ni Gobernador Edgardo A. Tallado at Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang pagdagsa ng mga turista sa Camarines Norte ngayong bakasyon gayundin ang isang mapayapang paggunita ng Semana Santa sa lalawigan ng Camarines Norte.

Nitong mga nakatalikod na araw, nakitang dumating sa Calaguas *Island* ang ilang mga *celebrities*; partikular sina Coco Martin, *Misss Universe 2013 2nd Runner- Up* Ariela Arrida, Diane Castillejo ng *Sports Unlimited* at ilan pang mga kilalang personalidad.

Sina Bembol Roco, Ping Medina at iba pang bituin ay nagtungo rin sa Daet para sa kanilang proyektong Sine Panitik sa ilalim ng *Film Academy of the Philippines*.

Ilang sikat na *foreign show pilots* naman ang lumahok sa *2nd Daet International Aerosports* na isinagawa sa Bagasbas *Beach*, Daet noong Marso 27-30, 2014. Ito ay sina *David Graupera (Spain), paramotor display pilot instructor*; Masaya Nakanome *(Japan), display pilot instructor*; *Paul Banks (Poland), competition pilot*; *Karl Kreiple (Austria), tandem pilot instructor*; *Mark Gambril (USA), quad paramotor pilot*; *Jeremy Caroll (New Zealand), paramotor paraglider pilot*; at sina *Joachim Katz* at *Jumbo Dirk* mula sa *Germany* na parehong *para-gliders*.

Sinabi naman ni *Jeremy Caroll* ng *New Zealand*, isang *paramotor paraglider pilot* na ang Bagasbas *Beach* ay isang napakagandang lugar para sa *aerosports* at tunay na nag-*enjoy* siya rito.

Ang isa pang turista na si *Apple Allison* ay nabighani naman sa pagsakay sa kalesa sa baybaying dagat ng Bagasbas at dahil sa kanyang magandang karanasan, inspirado niya itong naisulat sa kanyang ***blog website www.SoleSearchingSoul.com***. Nakatutuwa na nagustuhan ang kanyang artikulo ng *CHOOSE PHILIPPINES* at inilathala ito na *featured article on WHERE TO GO – Islands and Beaches*.

Magugunitang sa ulat ni *PNP* Camarines Norte

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 12 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com